

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN

Pinapanatili kang may kaalaman tungkol sa mga pagbabago sa public charge

TOOL SA SARILING PAGTATASA PARA SA PUBLIC CHARGE



ALAMIN KUNG ANO ANG MAHALAGA

Ang public charge ay isang panuntunan ng imigrasyon. Hindi ito isang panuntunan tungkol sa kung sino ang makakatanggap ng mga benepisyo sa gobyerno. Maaaring nalalapat ang public charge kapag ang isang imigrante ay naghahangad na makapasok sa Estados Unidos o nag-a-apply para sa pagsasaayos ng katayuan, kabilang ang sa pamamagitan ng aplikasyon para sa green card na batay sa pamilya o trabaho. Hindi saklaw ang ilang aplikante. Nagbago na ang mga pederal na panuntunan sa public charge. Gamitin ang mga tanong na nasa ibaba upang malaman kung ano ang dapat mong alamin bago mo baguhin ang pangangalagang pangkalusugan, tulong sa pagkain, o iba pang suporta para sa iyo o sa iyong pamilya.

Mahalaga: Nagbibigay ang tool na ito ng pangkalahatang impormasyon, hindi legal na payo. Para sa payo tungkol sa iyong kaso, makipag-usap sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon.

1 PAGESUSURI SA KATOTOHANAN 1

Nalalapat ba sa akin ang public charge?

TANONG 1

Nag-a-apply ka ba o nagpaplanong mag-apply para sa isang visa upang makapasok sa Estados Unidos o para sa isang green card?

OO

Maaaring nalalapat ang public charge.

Pumunta sa Tanong 2.

HINDI

Karaniwang hindi nalalapat ang public charge.

Sa pangkalahatan ay hindi ito nalalapat sa katayuan na asylum, refugee, DACA, VAWA, U visas, T visas, TPS, Special Immigrant Juvenile Status, o magiging citizen ng U.S. Kung hindi ka sigurado, magtanong sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon.

TANONG 2

Ikaw ba ay nag-a-apply o nagpaplanong mag-apply para sa green card batay sa petisyon na inihain ng isang kapamilya o employer?

OO

Maaaring nalalapat ang public charge.

Makipag-usap sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon bago gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga benepisyo o sa iyong kaso sa imigrasyon.

HINDI

Karaniwang hindi nalalapat ang public charge.

Hindi ito nalalapat sa ilang kaso tungkol sa green card, kabilang ang mga kasong batay sa katayuan na asylum o refugee, VAWA, U visa, T visa, o Special Immigrant Juvenile Status. Magtanong sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon tungkol sa iyong kaso.

PANATILIHIN ANG MAHALAGA

Alamin ang mga katotohanan bago ka umaksyon

Kung maaaring nalalapat sa iyo ang public charge, huwag kang gumawa ng mga desisyon batay sa takot o mga haka-haka. Bago mo ihinto ang pangangalagang pangkalusugan, tulong na pagkain, o iba pang suportang kailangan ng iyong pamilya, kumuha ng payo tungkol sa iyong kaso.

Tandaan: Hindi nalalapat ang public charge sa lahat ng kaso sa imigrasyon.

2 PAGESUSURI SA KATOTOHANAN 2

Ano ang dapat kong malaman bago gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa mga benepisyo sa gobyerno?

Magsimula sa mga katotohanang ito:

- Hindi nalalapat ang public charge sa bawat tao o bawat benepisyo.
- Tinitingnan ng mga pederal na opisyal ang buong sitwasyon ng bawat tao.
- Nagbabago ang mga panuntunan sa public charge. Sa ilalim ng mga bagong panuntunan, susuriin ng mga pederal na opisyal ng imigrasyon ang paggamit ng mga benepisyo sa gobyerno na batay sa pagsusuri ng kita. Ang mga benepisyo sa gobyerno na batay sa pagsusuri ng kita ay karaniwang tumutukoy sa mga benepisyong binabayaran ng pamahalaan para sa mga taong nakakatugon sa mga limitasyon ng kita o mapagkukunan. Kung nalalapat sa iyong kaso ang public charge, susuriin ng mga pederal na opisyal ng imigrasyon ang anumang naturang benepisyong natanggap simula o pagkatapos ng Setyembre 18, 2026. Maaaring kabilang sa mga benepisyo sa gobyerno ito ang tulong na pera para sa pagpapanatili ng kita, Medicaid, na tinatawag na Medi-Cal sa California, SNAP, na tinatawag na CalFresh sa California, at iba pang benepisyong saklaw ng mga pederal na panuntunan. Ang mga kaso tungkol sa imigrasyon na inihain bago ang Setyembre 18, 2026, ay susuriin ng mga pederal na opisyal ng imigrasyon alinsunod sa mga dating panuntunan sa public charge.
- Ang epekto ng paggamit ng mga benepisyo ay nakadepende sa mga katotohanan ng bawat kaso.
- Hindi itinuturing na mga benepisyong natanggap mo ang mga benepisyong ginamit ng iyong mga anak o ng iba pang kapamilya. Pero maaaring tingnan ng mga opisyal ang mga ito kapag sinusuri nila ang pera at suporta ng iyong pamilya. Kung ginagamit ng kapamilya ang mga benepisyo, magtanong sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon kung paano maaaring nalalapat sa iyong kaso ang panuntunan sa public charge.
- Hindi nakasalalay sa public charge kung sino ang makakatanggap ng Medi-Cal, CalFresh, o iba pang benepisyo sa gobyerno.

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN PARA SA IYONG KASO

Mga tanong tungkol sa iyong kaso sa imigrasyon

Magtanong sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon:

- Anong uri ng kaso sa imigrasyon ang mayroon ako?
- Nag-a-apply ba ako ngayon, o nagpaplanong mag-apply, para sa isang visa, green card, iba pang benepisyo sa imigrasyon?

Mga tanong tungkol sa iyong kaso sa imigrasyon (pagpapatuloy)

- Nalalapat ba ang public charge sa aking kaso?
- Kung hindi nalalapat sa akin ang public charge ngayon, maaari ba itong malapat sa akin sa hinaharap? Kung gayon, kailan?
- Ano ang kahulugan para sa akin ng bagong panuntunan sa public charge?

Mga tanong tungkol sa mga benepisyo at pamilya

Tanungin ang iyong sarili at ang iyong pamilya:

- Aling mga benepisyo ang ginagamit ko o pinag-iisipan kong gamitin?
- Anong mga benepisyo ang ginagamit ng aking mga kapamilya o pinag-iisipan nilang gamitin?
- Magiging mahalaga ba ang alinman sa mga benepisyong ito sa aking kaso sa imigrasyon?
- Kailangan ba ng aking pamilya ang pangangalagang pangkalusugan, tulong na pagkain, o iba pang suporta?
- Ano ang mangyayari sa kalusugan, pagkain, pabahay, o kapakanan ng aking pamilya kung ihihinto namin ang isang benepisyong kailangan namin?
- Saan ako makakakuha ng tulong sa mga panuntunan o pag-renew ng benepisyo?

MAGKAKASAMA PARA SA IYO

Alamin ang mga katotohanan mula sa tamang mapagkukunan

Para sa mga tanong tungkol sa imigrasyon

Makipag-usap sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon. Ang California Department of Social Services ay nagpapanatili ng isang listahan ng mga lisensyadong abugado sa imigrasyon sa: <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/immigration/contractor-contact-information>.

Para sa mga tanong tungkol sa Medi-Cal, CalFresh, o iba pang benepisyo

Makipag-ugnayan sa ahensya para sa mga serbisyong panlipunan ng iyong county, BenefitsCal, o sa isang mapagkakatiwalaang pangkomunidad na organisasyon. Maaaring ito ay legal na tulong, pangkomunidad na sentrong pangkalusugan, iyong lokal na ahensya ng WIC, organisasyong nagseserbisyo sa imigrante, o food bank.

Para sa pederal na impormasyon tungkol sa public charge

Bisitahin ang U.S. Citizenship and Immigration Services sa:

<https://www.uscis.gov/newsroom/alerts/uscis-issues-guidance-on-making-public-charge-inadmissibility-determination>.

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN

Bago mo bitawan ang pangangalagang pangkalusugan, tulong na pagkain, o iba pang suporta na kailangan ng iyong pamilya, alamin ang mga katotohanan tungkol sa iyong kaso.

Dapat tingnan ng mga pederal na opisyal ang buong sitwasyon ng bawat tao upang matukoy ang public charge.

Kumuha ng mapagkakatiwalaang impormasyon bago ka umaksyon.